



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
 KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod

KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 16-034

KAUTUSAN NA NAGLALAYONG MAPAGKALOOBAN NG SUPORTANG PINANSIYAL ANG MGA PILING PANGULO O LIDER KABATAAN SA BAWAT BARANGAY BILANG "YOUTH-AREA COORDINATORS" NA BIBIGYAN NG BUWANANG "ALLOWANCE" NA NAGKAKAHALAGA NG APAT NA LIBONG PISO (PHP4,000.00) KADA BUWAN NA KUKUNIN SA PONDO NG YOUTH AFFAIRS AND SPORTS DEVELOPMENT OFFICE.

- Ipinanukala ni:
- Kgg. Kon. Christine May A. Abas**
 - Kgg. Kon. Mttl. Patricio L. Boncayao, Jr.**
 - Kgg. Kon. Bal Niefes**
 - Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon**
 - Kgg. Kon. Ringo A. Teves**
 - Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga**
 - Kgg. Kon. Alexander B. Diaz**
 - Kgg. Kon. Ivey Rhea Arciaga-Tadefa**
 - Kgg. Kon. Ma. Dhesiree G. Arevalo**
 - Kgg. Kon. Christine May A. Abas**
 - Kgg. Kon. Marissa Cole-Rongavilla**
 - Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes**
 - Kgg. Kon. Lucio B. Constantino**
 - Kgg. Kon. Rafael T. Sevilla**
 - Kgg. Kon. Victor L. Ulanday**
 - Kgg. Kon. Grace B. Gonzaga**
 - Kgg. Kon. Walter A. Arcilla**

SAPAGKAT, kinikilala ng batas sa pamamagitan ng R.A 8044, ang mahalagang papel ng kabataan at kanilang aktibong partisipasyon sa lipunan lalo't higit sa programang ipinatutupad para sa kabataan;

SAPAGKAT, silang mga "**Youth Area Coordinators**" ay katuwang ng Youth Affairs and Sports Development Office sa pagpapatupad ng mga programang pangkabataan ng Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang mga piling "**Youth Area Coordinators**" ay pawang mga aktibong lider kabataan o mga pangulo ng samahan ng kabataan mula sa iba't-ibang barangay na kanilang kinakatawan;

SAPAGKAT, ang ilan sa kanila ay nabibilang sa out of school youth/Non Working Youth (OSY) In School Youth (ISY) at iba naman ay mga nakatapos ng pag-aaral ngunit hindi nagtatrabaho dahil mas pinili na tumulong sa programang pangkabataan sa kanilang barangay;

SAPAGKAT, ang halagang **Apat na Libong Piso (Php4,000.00)** kada buwan bilang "allowance" na kanilang tatanggapin ay lubos na makakatulong upang matugunan ang pinansiyal na aspeto sa pagganap nila sa kanilang tungkulin gayundin sa pansariling gastusin.

[Handwritten signatures and initials on the left margin]

[Handwritten signatures and initials on the right margin]

YAN ANG TAMA YAN ANG MUNTINLUPA!



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
 KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod

Pahina 2
Kautusang Panlungsod Bilang 16-034

NGAYON DAHIL DITO, ISINASABATAS AT MULING ISINASABATAS, ng 8TH
 Sangguniang Panlungsod ang mga sumusunod:

SEKSIYON 1. Titulo – Ang Kautusang ito ay ang Kautusang na naglalayong Mapagkalooban Ng Suportang Pinansiyal Ang Mga Piling Pangulo O Lider Na Kabataan Sa Bawat Barangay Bilang Youth-Area Coordinators Na Bibigyan Ng Buwanang “Allowance” na nagkakahalaga ng **Apat Na Libong Piso (Php4,000.00)** Kada Buwan Na Kukunin Sa Pondo Ng Youth Affairs And Sports Development Office.

SEKSIYON 2. Kahulugan ng mga salita – Ang mga sumusunod na salita ay mangangahulugan ayon sa isinasaad ng Kautusang ito:

- 1) **Youth Area Coordinators** – mga piling aktibong lider kabataan o pangulo ng samahan ng kabataan na kinatawan ng barangay.
- 2) **Out of School Youth/Non Working Youth (OSY)** – kabataan na hindi bababa labing walong (18) taong gulang na hindi nagtatrabaho o nag-aaral.
- 3) **In School Youth (ISY)** – kabataan na hindi bababa sa edad na 18 na nag-aaral.

SEKSIYON 3. Sakop at Tungkulin - Ang mga piling aktibong lider kabataan o pangulo ng samahan ng kabataan na magmumula sa iba't-ibang barangay na nagpapakita ng magaling na liderato, kasipagan at malasakit sa kapwa kabataan.

3.1. Ang mga mapipiling aktibong lider kabataan o pangulo ng samahan ng kabataan ay dapat na kaanib o naging bahagi ng Tanggapan ng YASDO at lihitimong naninirahan sa Lungsod ng Muntinlupa, na hindi bababa sa edad na labing walong taon (18).

3.2. Sila ay pipiliin ayon sa kanilang ipinamalas na katangian na nabanggit at magkakaroon ng pag-uusap at konsultasyon sa Tanggapan ng YASDO bago sila mahirang na Youth Area Coordinators.

3.3. Sila ay magiging katuwang ng kawani ng YASDO sa pakikipag-ugnayan sa mga komunidad na may samahan ng kabataan upang maipabatid ang mga impormasyon at programang pangkabataan ng ating lungsod at iba pang programang kahalintulad nito.

3.4. Sila ay gagawa ng buwanang “accomplishment report” na magiging batayan ng kanilang tatanggapin na allowance at sila ay nakatakdang pumasok sa tanggapan ng YASDO isang beses, isang lingo o di kaya ay maging bahagi sa pagpapatupad ng mga programa ng tanggapan.

CO. Tabara

J. Marcuagutay

[Signature]

Victor P. Woodson



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
 KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod

Pahina 3

Kautusang Panlungsod Bilang 16-034

3.5. Ang di nila pagganap sa kanilang tungkulin ay magiging dahilan na sila ay mapalitan ng higit na nararapat na aktibong lider kabataan o pangulo ng samahan ng kabataan.

3.6. Ang bilang ng magiging "Youth Area Coordinators" ay labing walong (18) aktibong lider kabataan o pangulo ng samahan ng kabataan mula sa walong barangay.

SEKSIYON 4. Halaga at paraan ng pagtanggap ng Allowance.

4.1. Ang mga tinaguriang "Youth Area Coordinators" ay tatanggap ng halagang Apat na Libong Piso (Php4,000.00) sa loob na isang buwan, na kung saan ay ipo-proseso ayon sa naisinumite at kaukulang alokasyon sa pondo na pinagtibay sa Annual Investment Pla (AIP) kada taon.

4.2. Ang nasabing talaan ay lalakipan ng "accomplishment reports na siya namang ipapasa sa Tanggpan ng Pantauhan upang ito ay gawan ng payroll at kaukulang dokumento para maproseso. Matapos na maiproseso aabisuhan sila upang ito ay kanilang kukunin sa Tanggpan ng Ingat Yaman.

4.3. Ang hindi pagsumite ng "accomplishment report" ay mangangahulugan na sila ay di ibibilang sa nasabing payroll at di tatanggap para sa kaukulang buwan na nasasakop.

SEKSIYON 5. Pagmumulan ng Pondo – Ang pondo ay kukunin kada taon sa nakalaang aprobadong aproprasyon sa Tanggapan ng YASDO.

5.1. Ang halaga ng allowance na ipagkakaloob ay maaring rebisahin ayon sa "availability of funds" kada taon.

SEKSIYON 6. Kaakibat nito ang pamantayan ng pagpili ng "Youth Area Coordinators" at Sakop ng kanilang responsibilidad o tungkulin.

SEKSIYON 7. Pagkakabisa – Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos na mapagtibay.

SEKSIYON 8. Ang laang pondo para dito ay kailangang mailagay sa taunang badyet.

PINAGTIBAY, ng 8th Sangguniang Panlungsod ngayong ika-5 ng Disyembre, 2016, sa kanilang ika-20 Regular na Sesyon.

SINANG-AYUNAN:

DISTRITO I:

KON. MggI. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
 Miyembro



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
 KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod

Pahina 4
Kautusang Panlungsod Bilang 16-034

KON. BAL NIEFES
 Miyembro

(LIBAN)
KON. STEPHANIE G. TEVES
 Miyembro

KON. ALLAN REY A. CAMILON
 Miyembro

KON. RINGO A. TEVES
 Miyembro

KON. LOUISITO A. ARCIAGA
 Miyembro

KON. ALEXANDER B. DIAZ
 Miyembro

KON. IVEE RHIA ARCIAGA-TADEFA
 Miyembro

DISTRITO II:

KON. MA. DHEESIREE G. AREVALO
 Miyembro

KON. CHRISTINE MAY A. ABAS
 Miyembro

KON. MARISSA COLE-RONGAVILLA
 Miyembro

KON. MARK LESTER M. BAES
 Miyembro

KON. LUCIO B. CONSTANTINO
 Miyembro

KON. RAFAEL T. SEVILLA
 Miyembro

KON. VICTOR L. ULANDAY
 Miyembro

KON. GRACE B. GONZAGA
 Miyembro

KON. WALTER A. ARCILLA
 Kinatawan ng Sektor
 Pangulo

Asosasyon ng mga Punongbarangay

PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng Kapasiyahanang ito.

CECILIA C. LAZARTE
 Kalihim

YAN ANG TAMA YAN ANG MUNTINLUPA!



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod

Pahina 5
Kautusang Panlungsod Bilang 16-034

PINATUTUNAYAN:

CELSO C. DIOKO
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Punonglungsod

Petsa: DEC 23 2016

Norie/8th SP

YAN ANG TAMA YAN ANG MUNTINLUPA!